Ascension
St. Vincent

Ascension St. Vincent

St. Vincent Hospital and Healthcare Center, Inc. d/b/a Ascension St. Vincent – Castleton

Buod ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong

Ang Ascension St. Vincent, kabilang ang mga ministeryo ng kalusugang nakalista sa itaas, ay may paninindigan at paggalang sa dignidad ng bawat tao, na may espesyal na malasakit sa mga nahihirapan dahil sa mga hadlang sa pag-access sa mga serbisyong pangkalusugan. Ang Ascension St. Vincent ay may pantay na paninindigan na pamahalaan ang mga mapagkukunan nito ng pangangalagang pangkalusugan bilang serbisyo sa buong komunidad. Sa pagsulong ng mga alituntuning ito, nagbibigay ang Ascension St. Vincent ng pinansiyal na tulong para sa ilang partikular na indibidwal na tumatanggap ng pang-emerhensiya o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa Ascension St. Vincent. Ang buod na ito ay nagbibigay ng maikling pangkalahatang-ideya ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong ng Ascension St. Vincent.

Sino ang Kwalipikado?
Maaaring makakuha ka ng pinansiyal na tulong kung nakatira ka sa pangunahing lugar ng serbisyo ng Ascension St. Vincent - Castleton, na bagama't hindi eksklusibo rito, ay ang Marion County sa Central Indiana. Karaniwang pinagpapasiyahan ang pinansiyal na tulong batay sa kabuuang kita ng iyong sambahayan kumpara sa Pederal na Antas ng Kahirapan. Kung mas mababa sa o katumbas ng 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan ang kinikita mo, maaari kang makatanggap ng 100% pangangalagang pangkawanggawang write-off sa bahagi ng mga bayaring responsibilidad mo. Kung ang kinikita mo ay mas mataas sa 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan ngunit hindi lampas sa 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan, maaari kang makatanggap ng diskuwento sa sliding scale. Kung may medikal na utang ka para sa pang-emerhensiya at medikal na kinakailangang pangangalaga na lampas sa kinikita mo, maaaring kwalipikado ka para sa diskuwento. Kung may mga asset ka na higit sa 250% ng halaga ng iyong kinikita sa Pederal na Antas ng Kahirapan, maaaring hindi ka maging kwalipikado para sa pinansiyal na tulong. Ang mga pasyenteng kwalipikado para sa pinansiyal na tulong ay hindi sisingilin nang mas malaki para sa kwalipikadong pangangalaga kaysa sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga pasyenteng saklaw ng insurance.

Anong mga Serbisyo ang Saklaw?
Nalalapat ang Patakaran sa Pinansiyal na Tulong sa pang-emerhensiya at iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga. Inilalarawan ang mga tuntuning ito sa Patakaran sa Pinansiyal na Tulong. Hindi saklaw ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong ang lahat ng iba pang pangangalaga.

Paano ako Mag-a-apply?
Para mag-apply para sa pinansiyal na tulong, kakailanganin mong punan ang nakasulat na aplikasyon at magbigay ng mga pangsuportang dokumento, tulad ng inilalarawan sa Patakaran sa Pinansiyal na Tulong at aplikasyon para sa Patakaran sa Pinansiyal na Tulong. Dapat isauli ang Aplikasyon at mga pansuportang dokumentasyon sa opisina ng Registration o ipadala sa Ascension St. Vincent, PFS Dept/Self Pay Team/Confidential, PO Box 713441, Chicago, IL 60677-4341.

Paano Ako Makakahingi ng Tulong para sa isang Aplikasyon?
Para sa tulong sa aplikasyon sa Patakaran sa Pinansiyal na Tulong, maaari kang makipag-ugnayan sa Ascension St. Vincent - Castleton, Registration department, Main Entrance o sa pamamagitan ng telepono sa 866-435-2078.

Paano Ako Makakakuha ng Higit Pang Impormasyon?
Available ang mga kopya ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong at form ng aplikasyon sa Patakaran sa Pinansiyal na Tulong sa https://healthcare.ascension.org/Financial-Assistance/Indiana at sa lahat ng departamento ng pagpaparehistro ng pasyente. Maaari ding kumuha ng libreng kopya ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong at ng aplikasyon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong sa koreo sa pamamagitan ng pagtawag sa Customer Service nang libre sa ph# 866-435-2078. Available din ang karagdagang impormasyon tungkol sa Patakaran sa Pinansiyal na Tulong sa Ascension St. Vincent - Castleton, Registration department, Main Entrance o sa pamamagitan ng telepono sa 866-435-2078.

Ascension
St. Vincent

Paano Kung Hindi Ako Kwalipikado?

Kung hindi ka kwalipikado para sa pinansiyal na tulong sa ilalim ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong, maaaring maging kwalipikado ka para sa iba pang uri ng tulong. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Ascension St. Vincent - Castleton, Registration Department, Main Entrance o sa pamamagitan ng telepono sa 866-435-2078.

Ang taunang ulat para sa plano ng mga benepisyo ng komunidad ay impormasyong pampubliko. Nakahain ito sa Departamento ng Kalusugan ng Estado (State Department of Health) ng Indiana at maaaring hilingin mula sa kanila sa: hospitalreports@health.in.gov